

Mga responsibilidad sa pagbabantay ng parokya, ahensiya at entity

Ang pinuno ng entity ay may pananagutan na tiyakin ang pagsunod sa mga requirement ng Patakaran sa Pangangalaga ng Kaligtasan ng Mga Bata at Kabataan (Safeguarding Children and Young People Policy) at ng mga nauugnay na pamamaraan at pamamalakad para mataguyod ang kaligtasan ng mga bata at kabataan na alinsunod sa:

- Mga Pamantayan sa Kaligtasan ng Bata (Child Safe Standards) (Victoria)
- Mga Pambansang Katolikong Pamantayan sa Pangangalaga sa Kaligtasan (National Catholic Safeguarding Standards)
- Mga Pambansang Prinsipyo para sa Mga Organisasyon sa Kaligtasan ng Bata (National Principles for Child Safe Organisations) ¹

Tiyak na dito, sa loob ng parokya, ang Pari ng Parokya ay may legal na obligasyon sa ilalim ng Batas sa Kabutihan ng Kalagayan at Kaligtasan ng Bata (Child Wellbeing and Safety Act) 2005 (Vic) para tiyakin na ang mga hakbang sa pagbabantay ay naitalaga para mapanatili ang mga bata at kabataang ligtas mula sa abuso at pananakit.

ANG TUNGKULIN NG KOMITE NG PANGANGALAGA SA KALIGTASAN

Sa ilalim ng National Catholic Safeguarding Standards, ang pamumuno ng parokya, ahensiya o entity ay kailangan para maitatag ang isang Komite ng Pangangalaga sa Kaligtasan (Safeguarding Committee) na nagkakaloob ng payo, at nakikipagtrabaho kasama ng, pamunuan ng parokya, ahensiya o entity para matiyak na ang mga patakaran, proseso at pamamalakad ay nakatalaga para maprotektahan ang mga bata at kabataan².

Ang Safeguarding Committee ay isang nagpapayong komite lamang. Ito ay nangangahulugan na ang mga miyembro ng komite ay di mismo sumasailalim sa mga legal na obligasyon sa ilalim ng Child Wellbeing and Safety Act 2005 o ng Child Safety Standards na ginawa sa ilalim ng kabutihang loob nila bilang miyembro ng Komite - ang legal na obligasyon ay nananatili sa pamunuan ng parokya, ahensiya o entity hal. ang Arsobispo, Pari ng Parokya, o CEO³.

Ang Komite ay magkikita-kita ng apat o higit pang beses kada taon at mag-uulat ng progreso sa nauugnay na namamahalang kinauukulan sa loob ng parokya, ahensiya o entity (hal. Parish Pastoral Council, Board, Committee of Management) tuwing tatlong buwan.

Ang tungkulin ng Committee ay tumulong sa pamunuan para ang Safeguarding Children and Young People Policy ay mahigpit na nakatalga sa buong parokya, ahensiya o entity at ang mga requirement sa pagsunod sa mga ito ay natutugunan ng:

¹ Basahin ang **INFORMATION SHEET: Balangkas ng organisasyon para sa pagbabantay ng mga bata at kabataan**

² Kung saan di posibleng magtatag ng isang nag-iisang Safeguarding Committee sanhi ng kakaunting mga miyembro ng boluntaryo, ang Parish Pastoral Council ay maaaring magtatag ng Working Group o maaaring tumanggap ng mga responsibilidad sa pagbabantay bilang arte ng kasalukuyang gawain nito.

³ Mangyaring tandaan –Sinumang adult (may edad na 18 taong gulang at higit pa) sa Victoria ay sumasailalim sa mga obligasyon sa ilalim ng Section 327 ng Batas ng Mga Krime (Crimes Act) 9158 na hinihiling na iyong may makatuwirang paniniwala na may naganap na sexual offence sa Victoria ng isang adult sa isang bata (mas bata sa 16 taong gulang) ay dapat na ipahayag ang nasabing impormasyon sa Victoria Police.

Mga responsibilidad sa pagbabantay ng parokya, ahensiya at entity

- Ang pagtataguyod ng kaligtasan ng bata sa loob ng kanilang komunidad at pagkakaroon ng unawa sa kahalagahan ng kaligtasan ng bata.
- Ang pakikipagtulungan sa pamunuan para mataguyod ang kaligtasan ng mga bata at kabataan.
- Pagpapatupad, pananatili at/o pagre-review ng mga proseso sa kaligtasan ng bata at mga pamamaraan para masuportahan ang kapakanan at kaligtasan ng mga bata at kabataan gamit ang input mula sa mga mahahalagang stakeholder hal. pari, administrasyon ng parokya, mga magulang, mga bata at kabataan, mga leader ng programa, mga pastoral associate.
- Ang pagsali at/o pagre-review sa mga proseso ng pamamahala sa panganib para mataguyod ang ligtas na pagsali ng mga bata at kabataan sa mga programa, aktibidad at event.
- Ang pagsali sa mga bata at kabataan (at ang kanilang mga pamilya) sa pagdedesisyon at pagplano para mataguyod ang kaligtasan ng bata.
- Tiyakin na ang proseso ng pag-ulat para sa mga ikinababahala at/o alegasyon ay malinaw na nasabi sa kabuuan ng parokya, at kumilos bilang isang pangunahing taong dapat makipag-ugnayan bilang koneksyon sa mga pagkakabahala sa kaligtasan ng ata, mga ulat o alegasyon at sumunod sa mga protokol sa pag-uulat para sa mga ulat sa pang-aabuso ng bata at alegasyon na likas na sensitibo at nagbibigay suportang paraan.
- Pagsali at/o pagkakaloob ng impormasyon para sa kaligtasan ng bata at pagsasanay.
- Bantayan ang patuloy na pagsunod sa CAM Balangkas ng Pangangalaga ng Kaligtasan ng Mga Bata at Kabataan (CAM Safeguarding Children and Young People Framework) na sakop ang mga requirement ng Victorian Child Safe Standards.

Mga dokumento (hal. mga talaga ng naganap sa pagpupulong, sulatan, mga pagtatasa sa panganib, komunikasyon) na may kaugnayan sa Safeguarding Committee ay dapat itabi ng bawat parokya, ahensiya o entity at ligtas na nakatabi. Ang mga rekord na ito ay bubuo sa katibayan na pagbabatayan ng parokya, ahensiya o entity sa pagsisikap nito na mabantayan ang mga bata at kabataan.

Ang pamunuan, na nakikipagtrabaho sa Safeguarding Committee nito, ay magbibigay ng buod sa pagsunod nito sa mga requirement ng Safeguarding Children and Young People Framework taon-taon (self-assessment/audit process) at ipapakita ito sa Yunit ng Mga Propesyonal na Pamantayan (Professional Standards Unit (PSU) ng Katolikong Archdiocese ng Melbourne (Catholic Archdiocese of Melbourne) (CAM).

PAGIGING MIYEMBRO NG SAFEGUARDING COMMITTEE

Ang pagiging miyembro ng Komite ay dapat na kinabibilangan ng mga kinatawan ng pamunuan ng parokya, ahensiya o entity at iba pang mga mahahalagang stakeholder na kinabibilangan ng:

- mga coordinator ng programa, na maaaring mga empleyado o boluntaryong kasali sa mga trabaho at ministry na may kinalaman sa bata at kabataan
- mga boluntaryo na may kadalubhasaan sa kaligtasan ng bata (hal. abogado, human resources na propesyonal, guro o punong-guro sa paaralan, early childhood education worker, pulis,

Mga responsibilidad sa pagbabantay ng parokya, ahensiya at entity

social worker, youth worker) at /o pananagutan na bantayan ang mga bata at kabataan

- mga kinatawang magulang.

Ang mga Miyembro ng Committee ay masasabing mga 'Opisyal sa Pangangalaga ng Kaligtasan (Safeguarding Officers)' para sa parokya, ahensiya o entity. Ang Safeguarding Officers ay isang mahalagang asset sa loob ng isang parokya, ahensiya o entity at maaaring kumilos bilang mga sanggunian para sa payo, suporta at makakapagbigay direksyon sa mga bagay na may kinalaman sa kaligtasan ng bata. Basahin ang **TEMPLATE: Paglalarawan sa Posisyon ng Safeguarding Committee**.

CAM PROFESSIONAL STANDARDS UNIT

Sa buong CAM, ang PSU ay may pananagutan sa:

- Tumutulong sa mga parokya, ahensiya at entity para maipatupad ang Safeguarding Children and Young People Policy.
- Nagkakaloob ng suporta, payo at pagsasanay sa mga Archdiocesan na parokya, ahensiya at entity para mapatibay ang kanilang mga pagsisikap para sa kaligtasan ng bata.
- Tumutulong sa mga Archdiocesan na parokya, ahensiya at entity na sumunod sa Safeguarding Children and Young People Policy at mga nauugnay ditong pamantayan.
- Namamahala sa mga ikinababahalang alegasyon at ulat ng pang-aabuso sa bata at paglalabag sa Safeguarding Children and Young People Policy na alinsunod sa moral, legal at etikal na mga obligasyon para mabantayan ang mga bata at kabataan at ang Pamamaraan sa Maiuulat na Asal (Reportable Conduct Scheme).
- Mga nagbibigay gabay na pagpapahusay sa aming pamamalakad sa kaligtasan ng bata sa kabuuan ng Archdiocese (hal. Safeguarding Children and Young People Policy, Kodigo ng Asal (Code of Conduct), pagsunod, pamamahala sa panganib, pagsasanay o training) para matugunan ang mga requirement sa ilalim ng bata sa estado at pederal, at ang mga inaasahan para sa pinakamabuting pamamalakad tulad ng naimungkahi ng Limitadong Pamantayan ng Katolikong Propesyon (Catholic Professional Standards Limited).
- Pagsasagawa ng taunang audit sa kaligtasan ng bata

Ang PSU ay makakatanggap at isasaayos ang pagtugon sa mga paratang at ulat ng pang-aabuso sa bata na may kinalaman sa clergy, mga empleyado at boluntaryo sa kabuuan ng CAM, alinsunod sa aming moral, legal at etikal na responsibilidad para bantayan ang mga bata at kabataan at ang aming mga obligasyon sa pag-uulat tulad ng nakasaad sa Reportable Conduct Scheme. **Basahin ang SHEET NG IMPORMASYON: Pag-uulat ng maling gawain na may kinalaman sa kaligtasan ng bata at/o pang-aabuso sa bata.**



Bersyon 1.1: Mayo 2020
Professional Standards Unit
psu@cam.org.au